# MOOREBANK LOGISTICS PARK

SIMTA SYDNEY INTERMODAL TERMINAL ALLIANCE

Filipino

Ang Moorebank Logistics Park (MLP) ang pinakamahalagang industrial at intermodal na presinto ng Australya. Ang kalakihan at kapasidad ng presinto ay isang unang pangyayari sa Australya at magpapabago n ito sa ugnayang panustos ng bansa, nag-aalis ng ilang libong mga trak sa daan at nagpapababa ng gastos ng mga negosyo at gumagamit sa pamamagitan ng mas mahusay at nagtatagal na pagproseso at pagdadala ng mga bagay.



## PINAGBAGO SA DISYEMBRE 2022

### Pag-unlad sa Pagbodega at  Imprastraktura

Umuunlad ang konstruksyon sa dalawang bodega sa silangang kanluran kanto ng Moorebank Precinct East (MPE). Itong mga bodega ay inaasahang matatapos sa kalagitnaan ng 2023. Iniulat sa ating pagbabago noong Setyembre na ang bahagi nitong pag-unlad ng bodega ay ipapaupa at pauunlarin ng Mainfreight, isang pandaigdigang tagapagbigay ng mga lohistiko.

Sa pagkumpleto ng mga bodegang ito, ang kasunod na yugto ng pag-unlad sa bodega ay itutuon sa Moorebank Precinct West (MPW). Ang mga proseso sa konstruksyon ng mga bodega sa hilaga ng presinto ay sinimulan na. Ang karagdagang mga pagbabago ay ipapahayag sa simula ng 2023.

Ang noise wall sa Western Ring Road sa may MPW ay nagsisimulang mabuo at dapat makumpleto sa pagwawakas ng 2022.

### Mga pagpapaganda ng daan

Upang masuportahan ang mahusay na daloy ng trapiko at pagkilos ng mga kargada sa paligid ng presinto sa MLP, kasalukuyang pinaplano o ginagawa ang mga mahalagang pagpapaganda sa imprastraktura ng daan.

Ang mga ginagawang pagpapaganda sa krosing ng Moorebank Avenue at Anzac Road ay mahusay na kasalukuyang ginagawa, paglalagay ng daanan ng tubig-ulan, paglipat ng serbisyong pagkagamitan at mga paggawa sa lupa. Itong mga pagpapaganda ay magpapahusay sa pagpunta sa at paligid ng MLP sa pamamagitan ng isang krosing na may signal at magpaparami sa bilang ng mga deretsong linya ng trapiko sa Moorebank Avenue.

Ang bagong daang pupunta sa MPW na kasalukuyang ginagawa bilang bahagi ng krosing sa Anzac Road ay pinangalanang Bushmaster Avenue ng Konseho ng Liverpool. Ang mga pagpapaganda sa Bapaume Road ay mahusay ang pag-usad at kung natapos na ay magbibigay ng pangunahing daan ng konstruksyon sa MPW. Ang Chatham Avenue ay masasarhan sa ngayon, na inaasahang matatapos sa bandang Marso 2023. Inaasahan na ang Bushmaster Avenue, na siyang magbibigay ng isang “signalised access”papunta sa MPW, ay magbubukas sa may kalagitnaan ng 2023.

Ang pagbabago sa Moorebank Avenue ay kasalukuyang nasa mga yugto ng pagdidisenyo. Ang National Intermodal Corporation (National Intermodal) ay humirang sa GHD bilang mga Project Managers at kasalukuyang pinipinal ang mga disenyong pang-inhinyerya.

### Ang Pagpapaganda sa M5 Westbound (M5WBU)

Ang Transport for NSW ay nagtutuloy sa mga plano sa pagpapaganda sa M5 Motorway para sa mga motoristang nagbibiyaheng pakanluran. Ang M5WBU Project Team ay patuloy na rinerepaso ang mga isinumiteng sukat sa Review of Environmental Factors (REF) na natanggap noong Setyembre 2022 at pinasimulan nang gawin ang ulat tungkol sa mga isinumite.  Kasabay nito, ang Project Team ay nagtatrabaho sa 100% Concept Design. Ang Submissions Report ay tatapusin sa maagang bahagi ng 2023. Ang sinumang gumawa ng pagsusumite at nakarehistro para sa mga alerto sa proyekto ay mapapagsabihan kung ito ay nakalathala na.

Ang mga pagbabago ng proyekto ay maaaring makita sa nswroads.work/m5motorwaywestbound

### Interstate Intermodal Rail Terminal

Ang mga paggawa sa lupa, daluyan ng tubig-ulan at paglagay ng mga serbisyong pangkagamitan ay patuloy na ginagawa at inaasahang matatapos nang maaga sa pagpasok ng bagong taon upang makakapagbigay-daan sa mga pagsemento ng sahig at imprastraktura sa riles.

Sa paghahanda sa konstruksyon ng imprastraktura ng riles, may mga lugar na itinalaga para sa paggawa ng riles kasama na ang pagwewelding at turnout construction.

Ang isang mahalagang nagawa noong Nobyembre ay ang pagdadala ng 14.5km na railtrack sa pamamagitan ng railset habang nakasara ang Southern Sydney Freight Line at naibsan ang maaaring pagkaantala ng mga ginagawa sa IMEX.



# PAGPAPATULOY AT KOMUNIDAD

## Nababagong enerhiya

Maligaya ang LOGOS na nagpahayag sa pakikipagsosyo sa Solar Bay upang magawa ang pinakamalaking solar panel sa Autralya at ang pagkakalagay ng micro-grid sa MLP, upang magkakaroon ng mga pagpapaandar na may net zero emission.

Sa darating na mga taon, ang 60MW na rooftop solar ay mailalagay sa buong lugar na kasama ang 150MW battery energy storage upang matustusan ang nakalagay na network ng nababagong enerhiya (renewable energy). Ang pinagsamang puwersa nitong rooftop solar at battery energy ay gagawa ng sapat na dalisay na enerhiya upang makapagbigay ng kuryente na kaparehas ng 40,000 na mga bahay sa NSW, at iniiwasan ang tinatantiyang 67.2 kilotoneladang singaw ng Carbon ($CO_2$) bawat taon.

## Biodiversity

Ang mga pagpapahalaga ng biodibersidad sa MLP ay pinuprotektahan at pinapaganda sa pamamagitan ng pagprotekta sa may 105 ektarya ng biodiversity offset areas sa paligid ng presinto. Itong biobanking area, na tatlong beses na mas malawak kaysa Royal Botanic Gardens, ay magbibigay ng patuloy na tirahan ng isang hanay ng mga uri ng halaman at hayop sa lugar. Ang trabaho sa kapaligiran ay ginagawa ng Eco Logical Australia para sa National Intermodal at sa ngayon ay nakapagkumpleto sila ng pagkaalis ng mga eksotikong halaman at damo sa maraming mga mahahalgang sona sa buong Presinto.

## Mga lokal na trabaho para sa mga lokal na tao

Ang mga Precinct Partners ay nangako na makikipagtulungan sa ating mga namumuhunan (stakeholder) upang makabuo ng isang nasanay na  puwersa ng trabaho para sa kasalukuyan at hinaharap. Kami ay kasalukuyang nakikipagkonsultahan sa ating mga stakeholder sa isang hanay ng mga mapagpipilian, kasama ang:

- Pagpopondo upang makatulong sa mga lokal na tao na maintindihan ang hanay ng mga potensyal na pagkakataong makapagtrabaho sa isang makabagong ugnayan sa lohistiko
- Paggulugad ng mga mapagpipilian sa pakikipagsosyohan sa mga lokal na samahan upang magbigay ng mga pagkakataon ng natatanging may kaugnayang pagsasanay at pagpapatunay
- Pakikipagtulungan sa mga kontratista at nangungupahan upang matiyak na sila ay nag-eempleyo ng mga lokal na tao at mga nagsasanay-sa-trabaho.

## Mga Palaruan sa Komunidad na Mapangkupkop

Maligayang naghayag ang National Intermodal na ito ay makikipagsosyohan sa Play for All Australia, isang nasa layuning panglipunang nagpupuhunan at ang Konseho ng Liverpool City upang magbigay ng dalawang pang-ugoy (swing) bilang bahagi ng programang Play It Forward. Ang Play for All Australia ay tumukoy sa walang mapangkupkop na swing seats para sa mga kabataan sa ilang mga lokal na palaruan at sila ay nakikipagtulungan sa mga lokal na negosyo upang matiyak na ang mga bata sa lahat ng kakayahan ay magkakabenepisyo sa mga sosyal, pagkatuto at emosyonal na pakinabang mula sa paglalaro. Kasama rito ang mga batang may kapansanan. Ang National Intermodal ay tumitingin sa hinaharap na magsusuporta sa pagpapaganda sa mga swing seat sa loob ng Moorebank kapag sisimulan na ang inisyatiba sa 2023.



*Ang mga solar panel ay inilalagay sa bubungan ng isang bodega ng MPE*

# ANG MGA MAHAHALAGANG AKTIBIDAD SA KONSTRUKSYON SA HINAHARAP NA 3 BUWAN

Ang lugar ng MLP ay sa pangkalahatan nakasara sa mga aktibidad sa konstruksyon sa panahon ng Pasko sa pagitan ng ika-22 ng Disyembre 2022 at ika-3 ng Enero 2023. Maaaring may mga palalampasin dito upang maaaring magpasok ng mga materyal at mga trabaho sa kagamitan.

| Aktibidad (maaaring palitan) | Disyembre | Enero | Pebrero |
|---|---|---|---|
| Paglipat sa mga kagamitang pangserbisyo sa Moorebank Avenue, Anzac Road at Bapaume Road* | ● | ● | ● |
| Helicopter lifts** | ● | | ● |
| Mga trabaho sa lupa upang masuportahan ang paggawa at pagpapaganda ng bodega sa MPW | ● | ● | ● |
| Patuloy na pagagawa sa mga kasalukuyang bodega sa MPE at MPW | ● | ● | ● |
| Mga trabaho sa lupa, tubig-ulan at kagamitan para sa Interstate Intermodal Rail Terminal | ● | ● | ● |

*Labas sa mga pangkaraniwang oras ng konstruksyon
**Bilang kasagutan sa puna ng komunidad, balak ng LOGOS na gumawa ng mga aktibidad sa helicopter sa loob ng mga pangkaraniwang oras ng konstruksyon.  Kung may panganib sa kaligtasan ng trabahador, ang aktibidad ay maaaring gagawin sa labas ng mga oras na ito. Sa ganitong kaganapan, ang mga taong maaapektuhan ay mapapasabihan sa pamamagitan ng letterbox drop at sa website ng SIMTA.

Salamat

Salamat sa mga miyembro ng Community Consultative Committee sa kanilang ibinahaging panahon at kaisipan sa pagbuo ng MLP sa buong 2022.



*Ginagawa ang Moorebank Precinct West (MPW)*

# ANG MGA ORAS NG OPERASYON AT KONSTRUKSYON

Ang aprobadong mga oras ng pag-aandar ng Intermodal Facility (kasama ang Import Export Terminal at Warehousing) ay 24 oras, 7 araw bawat linggo.

Ang aprobadong oras* ng trabaho sa konstruksyon ay:

**Moorebank Precinct West**

- Lunes hanggang Biyernes: ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
- Sabado: ika-8 ng umaga – ika-1 ng hapon


**Moorebank Precinct East**

- Lunes hanggang Biyernes: ika-7 ng umaga – ika-6 ng hapon
- Sabado: ika-7 ng umaga – ika-1 ng hapon

* *Anumang mga nakaplanong trabaho sa labas ng mga oras na ito ay ipinapahayag ng maaga sa pamamagitan ng website ng SIMTA o paghuhulog ng sulat sa mga letterbox.*



# PAGBABAWAS NG MGA EPEKTO SA KOMUNIDAD



Kami ay nangako na palaging magtatrabaho sa loob ng mga kondisyon sa pagpapayag at layunin namin na mabawasan ang mga epekto, kagaya ng ingay, pagyugyog at alikabok na maaaring magmula sa mga aktibidad sa operasyon at konstruksyon. Kami ay gumagawa nito sa pamamagitan ng isang hanay ng mga pamaraan kasama ang:

- Pagdisenyo ng presintong MLP upang ang IMEX at ang Interstate Rail Terminals ay nasa kagitnaan ng lugar at kapag lubos na napatayo ay papalibutan ng mga bodega na sila na ring magiging balakid sa ingay. Ang mga istrakturang pambalakid sa ingay katulad ng mga nagpapatong na container at noise walls ay gagamitin sa ilang mga bahagi ng presinto.
- Mas tahimik na kagamitan, katulad ng electric at automated cranes at broadband reversing alarms (quackers) para sa mas tahimik na operasyon.
- Paghugas sa mga gulong upang mabawasan ang panganib na mapupunta sa mga pampublikong daan ang dumi.
- Pagbawas sa alikabok sa pamamagitan ng compaction at/o pagpapanatili sa mga nakalantad na lugar at paggamit ng tubig sa mga lugar na may ginagawa upang maibsan ang pag-aalikabok at mapadpad sa ibang lugar.
- Pagsusubaybay upang mapatunayan na ang proyekto ay umaandar batay sa loob ng mga pangangailangan sa kalidad para sa ingay, pagyugyog at tubig.

## PAKIKIPAGKONTAK

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa aming website: **www.simta.com.au**

Upang makipag-ugnayan, humingi ng impormasyon o gumawa ng reklamo:

**Sumulat sa:**
Level 15, 207 Kent Street, Sydney, NSW, 2000

**Tumawag:**
1800 986 465

**Mag-email :**
moorebank@tsamgt.com